Maglilihi ka at manganganak ng isang lalaki, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Kay Hesukristo na ating Manunubos, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, halina't dumalangin tayo nang buong kababaang-loob:

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

Anak ng Kataas-taasan, inihayag ni Anghel Gabriel kay Maria ang iyong pagdatal,
halina't maghari sa iyong bayan magpakailanman.

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

Banal ng Diyos, lumukso sa tuwa si Juan Bautista sa sinapupunan ni Elisabet nang ika'y makaharap,
ipagkaloob sa buong sangkalupaan ang galak ng iyong pagliligtas.

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

Hesus na Manunubos, ipinahayag ng anghel ang iyong ngalan kay Jose na isang matuwid na tao,
halina't iligtas sa kanilang kasalanan ang bayan mo.

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

Liwanag ng daigdig, ikaw ang hinintay ni Simeon at ng lahat ng matuwid,
halina't kami'y iyong itangkilik.

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

O Sumisikat na Araw na di lulubog kailanman, inihula ni Zacarias na kami'y dadalawin mo mula sa kaitaasan,
halina't magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan.

— Halina at manatili sa aming piling, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo

